

# 1

*Saint Claire High School, Class of 2005 Junior and Senior Promenade...*

Umaalingawngaw ang malakas na musika sa buong Roosevelt Hall, hudyat na kanina pa nagsimula ang programa. Atubili si Megan kung papasok sa bulwagan, palinga-linga at hinahanap ang designated table nina Steven at Lisbeth. Hindi siya nakasabay sa pagpunta sa venue dahil nagdadalawang-isip ang dalagita kung dadalo ba siya sa pagdiriwang. Kung hindi pa ang masidhing pagkumbinsi sa kanya ng ama ay talagang wala siyang plano na sumipot.

Kaswal na tinungo niya ang kinaroroonan ng mga kaibigan nang masilayan ang mga ito mula sa malayo.

Nagliwanag ang mga mata ni Lisbeth sa di-inaasahang pagdating niya. “Buti nakarating ka. Ang s’abi ni Tito Alfie, wala kang planong lumabas ng kuwarto mo.”

Halos mabilaukan siya sa pigil na pagbunghalit ng tawa sa suot ng kaibigan. Pink ballgown na naadornohan ng sari-saring plastic na mga bulaklak

na sa wari niya ay produkto ng kakaibang creativity nito. Kung binalak ni Lisbeth na i-represent ang *Panagbenga Festival* nang gabing iyon; she did it with flying colors.

At nabasa yata nito ang iniisip niya. Tinapunan siya ng irap saka pasimpleng kinurot. “May problema ka ba sa suot ko? Nahiya naman ako sa attire mong pinagtagpi-tagping flags ng United Nations.”

Halos mauutas sa katatawa si Steven. Ganoon din siya. Inalalayan siya ng kaibigang binatilyo sa bakanteng upuan. Pang-apatang ang bawat table pero tatlo lamang silang naroroon, kaya bakante ang isang upuang ginawa na lamang nilang patungan ng kanilang mga gamit. Ang ibang table naman ay overcrowded na sa umpukan ng mga magbabarkada.

Sinipat ni Megan ang puwesto ng grupo ni Diane mula sa kanyang peripheral vision. Ayaw niyang mahuli siya nitong nakatingin at baka mapagdiskitahan na naman siya ng mga ito. Sa klase pa lamang nila ay kotang-kota na siya sa mga pang-aasar ng grupo nito. Maige naman at abala ang mga ito sa pakikipaghuntahan sa ibang kaklase nila. Kung siya ang masusunod, ayaw niyang sumipot sa ganitong mga social events sa kanilang school. She would rather stay home where she could be herself

nang walang nanggugulo sa kanya.

Nang makaupo ay pinagyaman na lamang nila ni Lisbeth ang kanilang mga mata sa pagmamasid-masid sa mga kaklaseng nag-e-enjoy habang nagpaalam si Steven na kukuha ng drinks.

May isa pang hinahanap ang mga mata niya. Si Dean De Vega. Ang kaklaseng tinagurian niyang knight in shining armor niya. Sa tuwing binu-bully kasi siya ng grupo ni Diane, si Dean ang laging nagtatanggol sa kanya. Bukod syempre sa dalawang best friends niya.

Guwapo si Dean. Matalino at matangkad ito. Iyon bang sa presensya pa lang ay malakas na ang dating. Campus heartthrob. Second year high school siya nang mag-transfer ito mula sa pinanggalingang eskuwelahan sa California.

Noong bago nga ito sa kanilang school, nangingimi ang lahat na kausapin ang binatilyo. Sino ba namang magtitiyagang makipagkuwentuhan dito sa wikang Ingles gayong halos buong klase nila ay nangangamote sa English subject nila. Kaya nga sa tuwing magsasalita ito o magtatanong, tanging tango lamang o 'yeah' lang ang isinasagot dito ng ibang kamag-aral niya.

Muli niyang pasimpleng sinulyapan ang kinaroroonan ni Diane. Ang babaeng dalawa lang ang misyon sa buhay. Una, ang gawing impyerno ang school life niya. Ikalawa, ang umaligid, magpa-cute at mag-assume na girlfriend ito ni Dean. Pakiramdam nga niya ay stalker na niya ito dahil kung hindi sa kamalas-malasang magkrus ang landas nila ay ito na mismo ang pumupunta sa kanya para mang-asar. Iyon bang hindi makokompleto ang araw ng babae nang hindi siya nabibiktima ng mga pang-iinsulto nito.

“Care for drinks, girls?” untag ni Steven. Hindi niya namalayang nakabalik na pala ito, bitbit ang serving tray ng mixed juices kasama ang ilang finger foods. Itinigil niya ang kanina pang panghahanap kay Dean. Nadismaya siya nang hindi ito nakita.

Pinagkasya ni Megan ang sarili sa inuming dinala ni Steven saka tinikman iyon. She cringed nang malasaan ang kaunting alcohol content ng inakalang purong juice. “This is alcohol. Wala bang juice lang?”

“Ako, I don’t mind,” ani Lisbeth. She looked like she was enjoying hers.

Steven muttered, “This drink’s totally innocuous, Megan. Kung hindi mo trip ang drinks, bibilhan na lang kita ng gatas o tsaang sa labas.”

“Ayan, babanatan mo pa ako ng intellectual jargon at pagkapilosopo mo! Isa pa, we’re not here to get drunk. Baka gusto mong magising kinaumagahan sa opisina ng discipline committee.”

Natatawang umiling si Steven saka ipinagpatuloy ang pag-inom. “Teka, ano’ng plano n’yong dalawa? Ibuburo n’yo lang ba ang mga sarili n’yo dito sa table? Sayaw na sayaw na ako, eh.”

“Kayo na lang kayang dalawa? Wala namang *magkakamaling* isayaw ako,” pakli ni Megan. She placed emphasis on the word ‘magkakamali’. Sa hitsura niya, walang malakas ang sikmurang yayain siyang sumayaw. Kung sa school nga ay sina Steven at Lisbeth lang ang bukod-tanging malapit na mga kaibigan niya. Bukod kay Dean.

Ewan ba niya kung bakit siyang bunso pa ang nagka-‘ganoon’. Hindi naman sa pangit siya. She’s just plain-looking. Kumbaga ay tipikal na teenager na nasa early stage pa lang ng pagdadalaga. Tinitigyawat kapag darating ang buwanang dalaw. O naglalangis ang mukha kapag mainit ang panahon. Iba nga lang siya. Hanggang ngayon kasi ay hindi niya hilig ang masusing pagpustura sa pananamit at pagpipinta sa mukha ng kung anu-anong produktong pampaganda. Higit na nagmukha pa siyang manang sa corrective

glasses na kailangan niyang isuot.

Magaganda at ang guguwapo ng nakatatanda niyang mga kapatid, nakuha ang good looks sa yumaong ina niyang tisay at ama niyang guwapo naman talaga noong kabataan nito. At si Megan? Putok ba siya sa buho? O talagang may lumalabas na ugly duckling sa pamilya? Kung magkagayon, ang malas naman niya.

Madalas sabihin sa kanya ni Steven na maganda siya. Hindi nga lang daw obvious. At pihadong lilitaw raw ang ganda niya kung aaraw-arawin niya ang pagpunta sa clinic ni Dr. Belo o kung gusto niyang makatipid, magpa-makeup na lang daw siya sa funeral parlor. Ang mokong kung makapanlait parang nagmula sa karakas ng mga sikat na guwapong artista, eh puno naman ng pimples ang mukha.

In Megan's case, maybe beauty is a self-concept. Baka naman siya lang ang ganoon ang tingin sa kanyang sarili. Iyon bang hindi pa napupuna ng iba, kini-claim na niya ang kapangitan niya.

Bukod sa kanya, si Diane ang madalas na magpamukha sa kanya ng hindi 'raw' niya kaaya-ayang hitsura. Oo, maganda ito. Pero hindi naman ito diyosa para magkaroon ng karapatang laitin ang hitsura niya sa araw-araw na ginawa ng Diyos. Aba ay

kung nakamamatay ang panlalait, baka pati kaluluwa niya ay magkapira-piraso na.

She had no idea why Diane always treated her that way. Na para bang ang laki ng atraso niya rito. At sa tuwing mapagtripan siya ng grupo nito, kung hindi dedma ay simpleng ngiti na lamang ang reaksyon niya. Acting like she never cared might not be helping her dahil lalong nanggagalaiti ang mga ito sa pandededma niya.

Buti na lang, nandiyan si Dean. Pero teka, nasaang lupalop na nga ba ito? Dumalo ba ito ng prom party?

Mula sa prenteng pagkakaupo ay kamuntikan nang mabuwal si Megan sa mahinang tapik mula sa kanyang likuran. Kasabay ng kanyang paglingon ay sumalubong ang matamis na ngiti ng lalaking inasam-asam niyang makita. Si Dean.

Mukhang modernong prinsipeng ang binatilyo sa suot nito at angking kaguwapuhan. “Hi, Meg. It’s nice to see you. I’ve been looking for you since I came here. I thought you’re not coming to the party.” He sounded enthused pagkakita sa kanya. Feeling tuloy niya ay isa siyang showbiz celebrity sa tuwing pinagmamasdan siya ni Dean.

At syempre, what's the best way to react kapag nasa harap mo ang isang perpektong nilalang as if he's an archangel who descended from heaven upang bigyang liwanag ang madilim niyang mundo? Everything was in slow motion, ang lahat ng kilos ni Dean ay may ten-second delay.

“Hey, Meg, are you okay?”

Nagbalik siya sa realidad nang mamalayan ang banayad na pag-uga ni Dean sa kanyang braso.

“D-Dean...” Hindi niya alam kung paano namutawi sa bibig niya ang pangalan ng binatilyo. Pero isa lang ang sigurado, ‘Dean’ na yata ang salitang pinakamasarap bigkasin sa lahat. Kung maaari lang makapaglathala siya ng diksyunaryong pulos pangalan lang nito ang nakalagay ay gagawin niya.

Dean (noun) – prince charming, knight in shining armor, perfect creature.

Dean (adjective) – boyish charm, captivating smile, magnetic eyes.

Dean (verb) – to be drawn to someone who completes your world.

At ang diksyunaryong ito ay tatawagin niyang Deantionary.

Silly thought.

“Hey, what’s happening to you? Natulala ka na diyan.” Dean let out an amused grin. Ganoon din sina Lisbeth at Steven sa pagkatigagal niya.

Humigit ng malalim na hininga si Megan saka nakangiting tinugon ang binatilyo. “I’m okay.”

“O, ano? Let’s dance. Lisbeth and Steven could pair up. ’Tapos tayong dalawa?”

“Sigurado ka?”

“Of course I am. Halika na.”

Bago pa siya nakasabat ulit ay mabilis na siyang nahila ni Dean sa dance floor. Maang namang nagpaiwan na lang ang dalawa niyang kaibigan na kinilig pa sa romantic gesture ni Dean. Bakit siya? Lumagpas yata ang buhok niya hanggang labas ng Roosevelt Hall.

Sa gitna ng mga magkakapareha na nagsasayaw sa saliw ng awiting *Valentine* ay tumayo silang dalawa. Dean pulled her closer and gently placed his hands around her waist. Ipinatong naman ni Megan ang mga kamay sa magkabilang balikat nito. May kaunting panginginig nga lang.

Malakas ang kabog ng dibdib niya, nagwawala

yata ang kanyang puso. Nagtatalon sa tuwa marahil. Sa banayad na pagduyan ng kanilang mga paa at mga katawan ay nakangiti ang mga mata ni Dean na nakatanghod sa kanya. Tingin na para bang siya ang pinakamagandang babae nang gabing iyon. Her eyes met his. Pero hindi niya nakayanang tumitig nang matagal sa mga mata nito. Baka malusaw na lang siya bigla o kung hindi man ay baka magliyab na lang siya sa dance floor.

Megan looked down. Si Dean ay inilapit nang bahagya ang mukha sa kanyang tainga habang ang isang palad ay banayad na nakadampi sa kanyang pisngi. May kuryenteng hatid ang pagkadaiti ng balat nito sa kanya. She could hear his controlled breath saka pinakawalan ang mga katagang kamuntikan nang magpawala ng kanyang ulirat.

“You know what’s my wish tonight? That I could hold you like this forever. It’s the next best thing being with you, Meg...”

That night could probably be the best night of her life kung hindi lang dahil sa sumunod na mga nangyari. After the dance ay agad na sumugod si Diane at kinorner na siya ng grupo nito sa washroom. Panira ng momentum. Ang hindi lang niya inaasahan ay ang pag-badmouth nito sa kanya. Sari-saring pang-

iinsulto. Hindi niya napigilan ang umiyak.

Si Dean, to the rescue agad at sinubukang pigilan si Diane, ngunit huli na matapos ibuhos sa kanya ng dalagita ang isang baso ng juice na sadya talagang dinala nito para sa kanya. Basa siya sa malagkit na likido nang lisanin ang Roosevelt Hall. Wala siyang pakialam kung mayroon mang nakapansin sa lakad-takbo niyang paglabas. Ang nais niya ay umalis na sa lugar na iyon.

Sumunod sina Steven at Lisbeth. Tinangka siyang habulin ni Dean, ngunit hanggang sa pintuan lamang ito ng bulwagan. Megan was inconsolable. Para siyang lumulutang habang nakaagapay sa kanya ang dalawang kaibigan. Ang huling naulinigan niya ay ang pagtawag sa pangalan ng binatilyo bilang prom king. Kung sinuman ang prom queen, malamang hindi siya! Bago sila sumakay ng taxi ng mga kaibigan ay namataan niya ang malungkot na binatilyo na pumasok ulit sa bulwagan.

Isang linggo siyang hindi pumasok sa school matapos ang mga pangyayari. Tanging sina Lisbeth at Steven lang ang kanyang kinakausap sa tuwing magmumukmok siya sa kanyang kuwarto. Her dad tried to talk to her but she refused and he understood. Ayaw niyang bigyan pa ng alalahanin ang kanyang

ama. Nagdahilan na lamang si Megan na masama ang kanyang pakiramdam, but she knew her father wasn't convinced at all.

Nang pumasok siya ng klase two weeks bago ang graduation ay parang walang nangyari. Nabalitaan niyang nabigyan pala ng disciplinary action si Diane dahil sa ginawa nito. One-day community service. Pero para sa kanya, hindi sapat iyon sa pang-aalipusta nito sa kanya. Isang taon sa kumbento ang kailangan nito para pagtikahan ang mga kasalanan.

Si Dean, ilang beses siyang tinangkang kausapin pero siya na ang kusang umiiwas. She didn't want to complicate things further. Naguguluhan na rin siya. Naalala niya ang mga huling tinuran nito. Seryoso ba ang binatilyo sa mga sinabi nito habang sumasayaw sila? O katulad ni Diane ay may motibo rin ba itong saktan at paglaruan siya? Sigurado siyang hindi ganoon si Dean base sa pagkakakilala niya rito. Pero ayaw na niyang palalain pa ang sitwasyon sa pamamagitan ng paglapit sa binatilyo.

She could see sadness in Dean's eyes whenever she tried to avoid him. Ngunit wala itong magawa. Siya man, kahit gusto niyang kausapin ang binatilyo, pinipigilan niya ang sarili. Kahit ito ang pinakamahirap gawin. How she wished na muling marinig ang tinig

nito sa tuwing kinakausap siya nito.

Graduation came at ganoon pa rin ang naging set-up nila ni Dean. Maliban lang sa class picture kung saan magkatabi sila. Nang nagsisiuwian na ang lahat, lumapit sa kanya ang lalaki. Iiwas pa sana siya ngunit huli na at nasa harap na niya ito.

“I don’t know the reason why you’re avoiding me. I’m sorry, Meg, if you think I’ve done something wrong. Dinamayan na lamang sana kita that night...” Dean’s voice was apologetic. And so were his eyes.

“Dean, I swear, it would be better for you na iwasan mo na ako—”

“Are you pushing me away?” Nabalong ng pagkadismaya ang tinig nito at may bahid din ng pagkalito ang mga mata habang nakatitig sa kanya.

“I’m worried na madamay ka pa sa kamalasan ko. Sige ka, baka layuan ka ng mga kaibigan mo sa kalalapit mo sa akin.”

“I don’t care about them. I care about you, Meg.”

Masarap sa pandinig ang mga tinurang iyon ng binatilyo. Ngunit kailangan niyang tanggapin ang realidad na hindi makabubuti kay Dean ang patuloy na pagkakaibigan nila.

“I’ll be fine. Tatal graduate na tayo, we can go our separate paths.”

“Yeah. But I’m not... you see—”

“No, Dean. We are better off like this. It would be hard for us na maging magkaibigan.” Gustong maiyak ni Megan, but she held her tears. Nalulungkot siyang makitang nalulungkot ito. At ngayon pang ipinagtabuyan niya ang lalaki.

She saw indignity in his eyes at what she said. “Is this what you want?”

Tango ang kanyang isinagot. Hindi niya kayang sabihin kay Dean nang harapan na lumayo na lang ito. Dahil hindi iyon totoo. If only he knew how she wanted him to be her friend. O higit pa roon. Bagkus sinarili na lamang ng dalagita ang damdaming iyon dahil alam niyang hindi iyon makabubuti kay Dean.

Patuloy ang pag-agos ng luha ni Megan habang pinagmamasdan ang papalayong binatilyo. Pinunasan niya ang mga pisnging nabasa ng luha saka tinahak ang kinaroroonan ng ama kasama ang mga magulang nina Lisbeth at Steven na abala sa picture-taking.

That was the last time she ever saw or heard of Dean...

## 2

“How is it going?”

Itinigil ni Megan and pag-stack ng cupcakes sa refrigerated glass case. Ipinunas niya sa apron ang maliliit na piraso ng frosting na dumikit sa kanyang kamay. Kaswal na lumabas siya ng counter at niyakap ang kanyang ama.

“All is fine.”

Kumunot ang noo nito saka inokupa ang table na malapit sa kinaroroonan niya. “You may consider selling out. Besides, p’wede mo nang tanggapin ang work petition mo sa Germany.”

“You know I can’t just leave you here, Dad. Hindi din ako makakampante na magkalayo tayo. Not in your condition.”

Bumalong ang lungkot sa mga mata ng matanda. “You’re old enough to be on your own, Megan. Ayaw kong hadlangan ang mga gusto mong gawin.”

“No, you’re not. Staying here and taking care of you is my choice. Saka we can make this bakery business work. Nasa incubation period pa lang

naman tayo. Besides, the business is doing great!” Ayaw niyang isipin ng ama na balakid ito sa kanyang pangarap. Mula nang yumao ang kanyang ina at nagdesisyong mag-abroad ang tatlo pa niyang mga kapatid, naiwan na sa kanyang responsibilidad ang pag-aalaga rito lalo pa nga at may sakit ito. Bukod sa chronic asthma, may sakit sa puso ang kanyang ama.

“So, how can you make it work? Nakikita kong nai-stress ka na sa pagiging full-time manager mo dito sa store.”

Nagliwanag ang mukha ni Megan sa pagbabago nito ng subject of discussion. Uncomfortable siya sa tuwing inuungkat nito ang pagbebenta ng business at pag-pursue ng sarili niyang pangarap—to practice her profession as a chemical engineer. Pero sa mga pagkakataong pinu-push siya ng ama na samahan ang mga kapatid sa Canada o tanggapin ang job petition ng isang kompanya sa Germany, magbibiro siya na related din naman sa Chemical Engineering and pagbi-bake ng cupcakes.

“Well, remember the proposal I submitted last month para maging supplier ng *Phil-Asia Coffee*?” Ang tinutukoy ay ang pinakasikat na café franchise sa Pilipinas na concurrently ay nag-venture out na rin sa ilang bansa sa Asya. “Naimbitahan ako sa trade

event nila that will be happening in two weeks. From there, they'll come up with a shortlist ng mga iko-consider na proposal depende sa response ng mga focus groups na manggagaling din sa company nila," mahabang paliwanag niya sa ama.

"Wow, that's great! I'm confident na ikaw ang mapipili nila." Her father's voice sounded certain but she still felt dubious about it. Hindi sa wala siyang tiwala sa kalidad at innovativeness ng kanilang produkto, hindi niya nasisiguro na magugustuhan nga sila ng kompanya lalo pa at madami silang nag-aagawan sa isang opportunity of a lifetime na maging bahagi ng supply umbrella ng *Phil-Asia Coffee*.

"I'm hopeful but I'll do the best I can."

---

"Ladies and gentlemen, may I have your attention, please. I would like you all to welcome the President and COO... Mr. Gary Galvez."

Saglit na tumigil ang lahat matapos ang announcement. Kapagdaka'y umakyat sa podium si Mr. Gary Galvez, na sa tindig at pananamit ay bakas pa rin ang awtoridad at tigas na lalo pang pinatingkad ng edad nito.

Matapos ang pagbibigay pugay ng ilang

stockholders and top managers na nandoon ay humarap na ito sa karamihan ng mga dumalo sa kanilang annual gathering para sa pagsisimula ng anibersaryo ng kompanya dalawang linggo mula ngayon.

“Good evening. It is indeed my pleasure to see every stakeholder of the company graced this yet another meaningful milestone in *Phil-Asia Coffee*. Maraming salamat sa inyong pagdalo.” Umugong ang masigabong palakpakan kung kaya saglit na tumigil ang matandang executive sa pagsasalita. Then he motioned his hand para sa susunod na sasabihin.

“In two weeks’ time, we’ll be commemorating the fiftieth founding year of this company by launching a trade event that will showcase what our company has achieved over the years as well as the new endeavors that we will carry on for the next fifty years or more...” The old man paused a bit then removed his glasses. Kung kanina ay enthusiastic ang tono ng mensahe, bahagyang nabahiran ng subtlety ang pananalita nito.

“As your President and COO, I am extremely humbled to be part of the success of *Phil-Asia Coffee*. Sa inyong lahat ay ang aking pasasalamat sa pagpapalago ninyo sa kompanya. As such, I am taking a step back...”

Napuno ang venue ng bulungan sa di-inaasahang balita mula sa presidente ng *Phil-Asia Coffee*. Ang iba ay hindi makapaniwala na matapos ang mahabang taon ng panunungkulan ay darating ang panahong magpapahinga na ito gayong wala pa naman sa retirement age ang matanda. Si Mr. Galvez ang major stockholder ng *Phil-Asia Coffee* at sa pagkakaalam ng marami, wala pa itong planong magretiro. May ilan namang tamang nakinig habang hinihintay ang ilan pang mensahe ni Mr. Galvez.

“I know, some are worried and some are excited sa mga pagbabagong ito sa kompanya, but I’m sure the new management will be as committed as I have been. The transition will happen in the next few weeks. Kung sino ang kapalit ko, malalaman ninyo sa mga susunod na linggo. For now, let’s enjoy the evening.”

May element of surprise pa ang huling pahayag ng matanda. Muling napuno ng masigabong palakpakan ang lugar. Ngunit sa karamihan, hindi pa rin nababawi ang pagkamangha sa napipintong pagpapalit ng management. Halos lahat ng empleyado na naroon ay si Mr. Galvez na ang inabutang namumuno ng kompanya.

Change is something inevitable. Malalaman na

lamang ang susunod na mga pangyayari sa darating na mga linggo.

---

Sakay ng elevator si Megan paakyat ng seventh floor kung nasaan ang Events and Promotions Department ng *Phil-Asia Coffee*. Ngayong araw ang meeting nila kasama ang iba pang mga proposing suppliers ng kompanya para sa finalization ng mga activities na magaganap sa trade event. Dala niya ang laptop at ilang mahalagang files ng store sakaling kailanganin sa meeting.

Huminto ang elevator sa third floor. May sumakay na dalawang empleyado na nahinuha agad niya sa mga suot na uniporme at ID ng mga ito. Ngumiti ang dalawa sa kanya nang masilayan siya, ngunit pagkapasok ay direktso na din sa mahinang pagkukwentuhan. Kunwa ay patay-malisya naman siya kahit pa nga dinig na dinig niya ang pag-uusap ng mga ito.

“Binata pa kaya ang pumalit kay Mr. Galvez? Ang guwapo, 'no?” kinikilig na wika ng isa habang sinawata naman ito ng isa pa. Nahiya marahil sa presensya nya.

“Ang kaso parang suplado. Ang s’abi ng mga taga-

Accounting, hindi daw marunong ngumiti.”

“Gan’un? Baka naninibago pa sa mga empleyado dito. Kahapon lang dumating, di ba?”

Nagkibit-balikat ang kausap na babae saka paanas na sumagot, “Ewan. Basta ako, aayusin ko na lang ang trabaho ko. Mahirap na.”

Lumabas ang dalawa sa sixth floor habang si Megan naman ay dumiretso sa pakay na opisina. Kung totoo ang naulinigan niya, nagpalit na pala ng management ang *Phil-Asia Coffee*. Bakit kaya?

Maluwang ang reception area ng Events and Promotions. Bukod sa malaking signage ng department at logo ng *Phil-Asia Coffee* ay naka-frame ang larawan ng sari-saring produkto ng kompanya sa hallway. Sa bandang dulo ay isang mahabang sofa na sa tantiya niya ay para sa sampung tao bukod pa sa iilang couch na may kani-kanyang coffee table.

May ilan nang nakaupo roon. Mga suppliers din siguro na kagaya niya. Tinungo ni Megan ang receiving desk para mag-log in.

“Good morning, Ma’am. How may I help you with?” magiliw na bati ng receptionist na sa tingin niya ay kaedad niya.

“Good morning. My name is Megan Oliver of *Mom’s Cakes and More*. I’m here for the meeting para sa trade event.”

Saglit na nag-browse sa monitor ang receptionist saka iniabot sa kanya ang logbook. “Okay, Ma’am, mag-log in na lang po kayo dito. In five minutes, I’ll usher you in. Malapit na pong mag-start ang meeting n’yo sa Promotions.”

“Thank you.” Nang makapagsulat ay umupo ang dalaga sa isa sa mga couches at pinagyaman ang sarili sa pagtingin sa metikulusong pagkakadiseno ng opisina. Very cozy ito, malayo sa mga offices na napupuntahan niya na ordinaryong lamesita at upuan lamang ang laman ng waiting area. De-kalibre ang mga kagamitan. Naaliw pa siya sa maliit na fountain kung saan ay may altar ng Blessed Trinity. Opisina pa lang, para na siyang nasa five-star hotel.

Matapos ang kulang-kulang anim na minuto ay lumabas ang isang staff at tinawag na sila para pumasok sa conference room. Tulad ng inaasahan niya, maganda ang loob niyon. Carpeted at katulad ng pasilyo ng waiting area, naaadornohan ng paintings ang kabuuan ng kuwarto. Yari sa oakwood ang conference table katerno ang mahogany chairs na nasasapinan ng foam at leather cover. Primera klase

ang mga kagamitan, sa tantiya niya. Ang kabuuan ng disenyo, fusion ng laid-back at modern design.

Sa pinakadulo ay ang malaking mounted flat screen kung saan pina-flash ang mga presentations. Tatlo ang naroroon. Dalawang babae na sa tingin niya ay mga staff at isang lalaking nasa supervisory position o mas mataas pa base sa kasuotan nito na iba sa magkaternong corporate uniform ng dalawa.

“Good morning. Have a seat, everyone.”

Kani-kanyang puwesto silang mga bisitang naroon nang bumati ang lalaking events manager pala ng *Phil-Asia Coffee* na siya ring nangangasiwa ng gaganaping trade event apat na araw mula ngayon.

Halos dalawang oras ang itinagal ng meeting. Kasama sa discussion ang magiging inspection ng facility ng mga suppliers sakaling ma-shortlist sila. At kung makapasa, hindi pa iyon garantiya na makukuha ni Megan ang kontrata. May follow-up inspection pa. Madami at madugo pa ang prosesong dadaanan bago ang final approval na manggagaling naman sa Supply Chain manager at presidente ng kompanya. Ang hirap palang ma-penetrates ang ganitong kalaking korporasyon, sa isip-isip ni Megan.

Nagtataka siyang isa sa mga reviewer ng proposal

ang mismong presidente. Napaka-busy naman ng taong iyon. Sa laki ng kompanyang pinamumunuan nito, may panahon pa kaya ito sa pamilya? O sa sarili man lang nito lalo at sa kahit sa pag-a-award ng mga kontrata sa mga suppliers ay hands-on ito. Usually kasi sa ibang kompanya ay represented na ng Supply Chain manager o Accounting Department ang pag-approve sa mga bagong suppliers ng korporasyon.

Nang matapos ay kani-kanya nang pulasan ang mga naroon. Lumabas na rin ang dalaga. May appointment pa siya kay Lisbeth na nag-o-organize ng magiging high school reunion nila sa susunod na tatlong buwan. Nakaramdam siya ng excitement. She's looking forward na makadalo sa event na iyon matapos ang mga pangyayari.

Nagbalik-tanaw si Megan. Labindalawang taon na rin pala mula nang lisanin nila ang Santa Clara at manirahan sa Maynila. Nag-aral siya ng kolehiyo sa *Mapua Institute of Technology* at nagtapos ng kursong Chemical Engineering. Second year college siya nang pinalad ang kuya niyang makapagtrabaho sa Canada. Ang dalawang ate naman niya ay magkasabay na nakapagtrabaho sa Dubai bago sumunod sa Canada matapos ang dalawang taon. Graduating na siya noon.

Naiwan sila ng ama niya sa Manila.

Kasabay nang maipasa niya ang licensure examinations ng kanyang kurso ay saka naman inatake sa puso ang kanyang ama. Kinailangan ang bypass operation. Naitawid niya ang pagsubok na iyon sa kanilang buhay nang mag-isa. Hindi kasi nakauwi ang mga kapatid dahil nasa residency status ang mga ito sa Canada.

Naratay pa ng isang buwan ang ama niya bago sila nakauwi. At dahil sa kondisyon nito, pinili niyang isantabi ang pagtatrabaho sana sa Germany. Nagtayo na lamang sila ng negosyo kung saan ay matututukan pa rin niya ang maysakit na ama bukod sa kumikita sila ng sarili at hindi kailangang iasa ang lahat ng kanilang pangangailangan sa mga kapatid niya.

Unang venture nila ang mini-grocery store na nagtagal din ng halos limang taon. Isinara nila ito dahil bukod sa physically-demanding ang ganoong negosyo, madaming umuusbong na kakompetensya at mga franchised convenience store na may mga pangalan na rin. At bago pa man tuluyang lamunin sila ng kompetisyon, they decided to sell-out.

Matapos iyon ay nakahiligan ni Megan ang pagbi-bake. Nag-enroll siya sa isang crash course ukol dito at matapos ang ilang buwan ay nabuksan

Megan was very much preoccupied with things of the past, kaya hindi niya nakita ang malaking bulto ng isang lalaking papasok nang lumabas siya ng elevator. Hindi siya nakaiwas nang mabangga niya ito at sumambulat sa sahig ang mga dala niyang folders.

Naulinigan niya ang paghingi ng dispensa ng lalaki, ngunit agad na lumuhod ang dalaga upang sinupin ang mga papeles na nagkalat.

“Miss, are you okay? I think this also belongs to you.” Pamilyar ang tinig ng lalaki na nag-abot ng isang folder na kasama sa mga natapon. Kinabahan siya. At nang iangat niya ang mukha ay kamuntikan na siyang mabuwal ulit.

Si Dean!

Maang ang dalaga nang kunin ang folder mula rito. Namamalikmata ba siya? Totoo bang si Dean ang nasa harapan niya ngayon? Guwapo pa rin. The same mesmerizing dark eyes. Ang mga matang sa bawat pagtitig ay nagpapabilis ng tibok ng kanyang puso. Dati.

She was stunned for a while, disbelieving

what she saw. Ngumiti pa ito nang alalayan siya sa pagtayo. How could she forget that teasing smile na laging nagpapalambot ng mga tuhod niya noon? Ang ngiting nagpapatigil sa kanyang mundo. Ang kabuuan ng mukha nitong mas memoryado niya kaysa sa alpabetong Filipino.

“Next time, be more careful, Miss,” pahayag nito saka walang anu-ano ay tumalikod na para pumasok ng elevator na naka-hold. Hindi siya tiningnan pa bago nagsara ang pinto ng lift.

What? Bakit ganoon? Bakit parang hindi siya kilala ni Dean? Namangha ang dalaga sa di-inaasahang reaksyon mula rito sa kanilang first encounter after almost twelve years.

Lumulutang ang isip ni Megan habang papalabas ng administrative building. Puno ng alalahanin sa nangyaring pagtatagpo nila ni Dean. And he didn't even give a hint na natatandaan pa siya nito. Nagka-amnesia ba ito?

May bahagi ng puso niya ang kinurot ng alalahaning hindi man lang siya nakilala ng dating kaklase. At tagapagtanggol. Ng lalaking bukod-tanging pinag-ukulan niya ng sikretong damdamin ng paghanga. O pagmamahal?

### 3

Tiim ang mga bagang ni Dean nang pumasok sa kanyang office. Hindi pa nakakaupo ay agad na niyang inangat ang telepono at tinawagan ang trunkline ng administrative department. May impormasyon siyang kailanging alamin and he couldn't wait any longer. Matapos ang mabilis na pakikipag-usap sa nakasagot na operator ay pasalpak siyang naupo at seryosong nag-isip.

Binagabag ng kung anong isipin ang binata. Napapitlag pa siya nang mag-ring ang telepono. He reached for the receiver, expecting na mabilis na nakakuha ng impormasyon ang staff niya ukol sa babaeng nakabanggan. Paano ba niya makakalimutan ang isang Megan Oliver?

Nadismaya siya nang makilala ang boses sa kabilang linya. "I told you not to call on this line. P'wede ka namang tumawag sa mobile ko." May halong paninita ang tinig ni Dean nang sagutin ang tawag ng babae.

Si Helena Ortiz. The only daughter of the late senator Ramon Ortiz. His girlfriend of two years.

Nabahiran ng kunwang pagtatampo ang boses nito. “Hindi ka naman sumasagot sa mobile mo, kaya dito na kita tinawagan. I know you never miss business calls.”

“I’m sorry I wasn’t able to catch your call a while ago. Nasa meeting ako. Bakit ka nga pala napatawag?”

“Why is that, Mr. Dean De Vega? Just because you’re the new president ay hindi na ako p’wedeng tumawag sa boyfriend ko.” Sinadyang lambingan ni Helena ang tinig as if seducing him.

Napahalakhaksi Dean, napawi ang disappointment na nadama kanina. “So what is it, anyway?”

“Well, in case it slipped your mind, we’ll go partying tonight. It’s on Michael and Dina. It’s just our presence that they need.”

Muntik nang nawaglit sa isip niya ang plano nilang paglabas ng girlfriend kasama ang ilang kaibigan. Dahil ba sa hindi inaasahan nilang pagkikita ni Megan?

Si Megan na buong akala niya ay nawala na sa kanyang sistema. How could he ever forget her? She had fascinated him since high school. She had been so special na kahit kanyawan siya ng mga dating kaibigan, it never dissuaded him to get close to her.

## Why the infatuation?

Para sa kanya, Megan had something special in her that drew him close sa noo'y dalagitang laging binu-bully ng mga kaklase nila. It seemed like protecting her was his responsibility dahil ayaw niyang nakikitang nasasaktan ito. Parang naging bahagi na ng kanyang naturalesa ang pagtatanggol sa babae.

Nang makita niya ito kanina, although malayo na sa dating hitsura nito noon, he couldn't deny she still affected him the same way she did twelve years ago. Was it pure curiosity that he acted on impulse na hagilapin kanina ang ilang impormasyon ukol dito? If he learned of her whereabouts, what would he do next?

Sinadya niyang umaktong hindi niya kilala si Megan kanina. Something was telling him na iyon ang magandang gawin. Naroroon pa rin ang sakit ng ginawang pagtataboy nito sa kanya.

Nagbalik lamang sa kasalukuyan si Dean nang maulinigan ang boses ng girlfriend niya sa phone. Hindi na tuloy niya naalala ang mga huling sinabi ni Helena. Matapos ang confirmation ay tinapos na niya ang usapan saka muling itinuon ang sarili sa malalim na pag-iisip.

Bakit nasa *Phil-Asia Coffee* si Megan Oliver?

Ang sinabi ng staff ng Administrative Department ay wala naman ito sa roster of employees ng kompanya. Iko-coordinate na lang daw ng nabanggit na department pag na-trace nila kung ano ang sadya ng babae sa kanila. Maaaring isa sa mga suppliers daw o applicant.

Anyway, nangako naman ang department na bibigyan siya ng sagot sa ilang oras. Pinagkasya na lamang ni Dean ang sarili sa pagre-review ng financial records ng kompanya na hiningi niya kahapon sa Accounting Department, first thing he did when he arrived at the office yesterday.

---

Hindi niya inaasahan ang biglaang pag-assume ng presidency ng kompanya. Minor stockholder lamang ang mga De Vega sa *Phil-Asia Coffee* simula nang umuwi ang pamilya niya mula sa California matapos makabili ang mga ito ng ownership dito. Iyon ay matapos na iwan nila ang dating bahay at negosyo sa Batangas upang subukang doon ulit manirahan kasama ang ama. Kaibigang matalik ng huli si Gary Galvez.

Last month pa na-receive ni Dean ang balitang

magreretiro na nga raw ito. Ang ikinagulat niya ay ang desisyon ng ama niyang bilhin ang stocks na hawak nito. Hindi niya alam kung ano ang personal reasons ni Mr. Galvez sa pag-give up ng isang napakalaking kompanya tulad ng *Phil-Asia Coffee*. Sa halos limampung taon nito sa industriya, malayo na ang narating nito lalo pa at kasalukuyang nag-e-expand ito sa Asya. Ang pagkakaalam niya ay nais nito ang maagang pagreretiro at tuluyan nang manirahan sa States para makasama ang pamilya.

Sa kanyang pagbabalik-bansa upang akuin ang binakanteng posisyon ng dating presidente at sa malaking responsibilidad na ipinagkatiwala sa kanya ng ama niya, he had no reasons to fail. *Phil-Asia Coffee* was at the height of its success and he's tasked to even take it to greater heights.

---

Ilang beses nang ina-arrange ni Megan ang mga cupcakes, ngunit hindi pa rin siya mapakali. Nagugulumihanan namang nakatitig ang kaibigang si Lisbeth na kasalukuyang nasa store para nga sa letter preparation nito sa upcoming reunion nila. Bukod dito ay sa kanya ito um-order ng mga cupcakes para sa nasabing event.

“Ano ba’ng plano mo sa mga cupcakes na ’yan,

Megan? Aba’y kung nakakapagsalita ang mga iyan ay magrereklamo na iyan sa kaiikot mo,” puna nito.

Lumapit siya at kinuha ang upuang nasa harap nito. Ngunit hindi siya umupo roon at sa halip ay isinandig ang mga braso sa backrest niyon saka hinarap ang kaibigan. “How I wish na magsalita nga ang mga cupcakes. Bothered ako kahapon pa,” panimulang pagtatapat niya rito.

Lisbeth straightened up from a slouch saka kaswal na hinarap siya. “Sa trade event?”

“Hindi lang tungkol doon. I saw someone yesterday and you won’t believe me—”

“Si Diane Hagibis? That crazy bitch na wala nang inatupag kundi ang pestehin ka noong high school? Aba, pagkakataon na nating gumanti sa demonyitang ’yun—”

“No.” Agad na pinutol ni Megan ang pag-aassume at pag-overreact ni Lisbeth. At kung sakaling magkita man sila ulit ni Diane, hindi na niya kakailanganin pa ang advice ng kaibigan upang harapin ito at pagpaliwanagin sa mga naging kasalanan nito sa kanya. She could take care of herself now. At hindi na niya uurungan si Diane.

“Eh, sino?” puno ng intriga ang hitsura nito.

Waring batang nag-aabang ng iaabot na ice cream, kulang na lang ay tumulo ang laway nito sa pagkatakam sa sunod niyang sasabihin.

Megan let out a fine laugh sa anticipation na bakas sa mukha ng kaibigan. Gusto pa sana niyang i-hold ang excitement nito, but she had no plans of prolonging the agony of her wait. Baka maimbyerna at layasan siya.

“Sa meeting sa *Phil-Asia Coffee* kahapon, I think I saw Dean.”

Mulagat ang mga mata ni Lisbeth sa pagbanggit niya sa pangalan ni Dean. “You mean Dean De Vega. Ang Prince Charming mo?” Tila hindi ito makapaniwala sa sinabi niya.

Tango lamang ang itinugon niya.

“Pero teka, bakit hindi ka siguradong si Dean ang nakita mo?” Nahinuha agad nito ang alalahanin niya. Napuna marahil ang statement niyang ‘I think I saw Dean’. Ibig sabihin ay hindi nga siya sigurado kung ito talaga ang lalaking nakita niya kahapon.

“I know it’s him pero nag-doubt ako kasi parang hindi niya ako kilala.”

“Oh my, may amnesia si Dean?”

Natatawang tinapik ito ni Megan. Pareho sila ng inisip kahapon. Parang sa teleserye lang ang mga ganoong eksena ng pagkakaroon ng amnesia, kahit pa nangyayari ito sa totoong buhay. Pero hindi naman siguro sa kaso ni Dean.

“On a serious note, are you really sure na si Dean De Vega nga ang nakita mo?”

Tumango si Megan. She could never go wrong with the man she bumped into yesterday. “Bukod sa hitsura at tindig, it’s his voice na nag-convince sa akin na si Dean nga ang lalaking iyon. Hindi ako maaaring magkamali.”

“Pero bakit nga kaya ’ika mo ay hindi ka nakilala? O baka naman sinadya ni Dean kasi nga may kasalanan ka sa kanya, remember?”

Natameme si Megan sa ipinaalala ng kaibigan na pagtataboy niya sa lalaki noon dahil sa eskandalong ginawa ni Diane sa kanya. Alam niyang nasaktan ito sa pag-iwas niya, pero hindi naman siguro to the point na magalit ito nang husto sa kanya. Sino ba siya para pag-aksayahan ng panahon at atensyon nito? At higit sa lahat, bakit maapektuhan ito sa kanyang paglayo? Madami namang ibang kaibigan si Dean na nababagay rito.

“I believe he didn’t mind nang umiwas ako sa kanya. Saka wala na akong balita tungkol sa kanya mula noong graduation. Baka nga nalimutan na niya ako, eh,” malungkot na pahayag ni Megan. Nalungkot siya sa posibilidad na baka nga hindi na siya naaalala ni Dean.

“Sabagay, hindi ka naman kagandahan noon para gustuhin ng isang Dean De Vega. Hindi kaya hindi ka talaga niya nakilala kasi maganda ka na ngayon?”

Kinurot niya nang pino ang kaibigan. “Gan’un ba ako kapangit dati?”

Pero may point si Lisbeth. Aminado siyang malaki ang ipinagbago niya simula noong high school. Sinabi nga ng kanyang mga kapatid at ilang kaibigan, late bloomer siya. From an ugly duckling that she was, she eventually turned into a lovely swan. Marahil nga.

Maaari nga kayang hindi siya nakilala ni Dean dahil sa hitsura niya ngayon?

Pinalis na lang muna ni Megan ang alalahanin at ibinalik ang focus sa nalalabi pa niyang gawain sa maghapon. Bago magtanghali ay nagpaalam si Lisbeth. Susunduin daw nito si Steven mula sa airport galing Davao. Halos magtatalon siya sa tuwa sa nalaman na sa matapos ang ilang taon ay

magkakasama na ulit silang tatlo dahil sa Manila na rin magtatrabaho ang mokong.

Bago isara ang store ay inatupag niya ang mga bagay na dadalhin sa trade event. Napuntahan na niya ang venue kahapon nang dumiretso siya rito mula sa *Phil-Asia Coffee*. May ilan siyang inayos sa assigned kiosk niya kung paano ito pagagandahin at makuha ang attention ng focus group at ng mga parokyanong dadalo roon.

---

Isang oras pa lang silang namamalagi sa bar na iyon, ngunit dama na ni Dean ang pagod at bahagyang antok. He turned his face away and yawned, ayaw niyang makita ni Helena na hindi siya nag-e-enjoy. Pinilit niya ang isang ngiti nang makitang bumabalik na ang girlfriend mula sa pagsasayaw, yet his smile never reached his dark eyes.

“Hey, ayaw mo bang sumayaw?” Habol ang hininga ni Helena habang nagpapahinga sa isang stool sa tabi niya.

“I’m fine. I swear you don’t want to see me dance.” He grinned convincingly yet it’s a half-meant joke. Kailan ba ang huling sayaw niya?

Kay Megan noong promenade party nila. He

recalled how he gathered himself together that night maisayaw lang ito. He couldn't remember how he did it lalo at parehong kaliwa ang mga paa niya but he didn't care. The only thing still vivid in his memory was being with Megan. Ang sayang naidulot na makasama ito.

How he longed for that dance mula nang iwasan siya nito at hindi na muling magparamdam matapos ng insidenteng iyon. Iyon ang ikalawang rejection na naranasan niya sa buong buhay niya. First was from his mom when she left them and eloped with another man. Hindi na niya inalala ang mapait na karanasang bumalik sa pagmumuni-muni niya.

Dean tried to brush off his thoughts, pero late na dahil napuna iyon ni Helena. "A penny for your thought?" Her inquisitive eyes didn't escape him.

"It's worth more than a penny." He attempted to divert her attention. He pulled her closer, pinagkasya ang mga palad sa baywang nito. Helena hunched forward at binigyan siya nang masiil na halik saka may ibinulong sa kanyang tainga.

"I crave not just for your kiss, Mr. De Vega. You owe me more than that." Mainit ang hininga nito ngunit hindi tulad ng dati, wala na iyong epekto sa kanya.

*Once Upon a Dance - Celeste Cardoso*

---

Ang run-in sa pagitan nila ni Megan, bakit ba siya binabagabag niyon? Matagal na ang panahong lumipas and she hadn't made an effort to connect with him since graduation, though may ilang linggo siyang nagtangkang kausapin ulit ito.

“I'm convinced I'm interrupting something.” Kumalas mula sa kanya ang girlfriend and acted indifferently. Bumalik ito sa pagkakaupo. Napuna nito marahil ang paglalakbay ng kanyang isip.

“I'm sorry. Stressed out lang ako sa trabaho lately,” pagdadahilan niya bagaman may kaunting bahid ng katotohanan iyon.

Helena gave him a nod. He was glad, mukhang naintindihan nito ang rason niya.